# STATE OF THE CITY CHILDREN'S ADDRESS CY 2018

**By the Hon. BEVERLEY ROSE A. DIMACUHA**
**City Mayor**
**Chairperson-City Council for the Welfare of Children**

Republic of the Philippines
Batangas City

**The State of the City Children's Address 2018**

**Our vision is that "BY THE YEAR 2025, all children are happy, healthy, highly competitive, living in a safe and sound environment with access to sustainable quality education with positive Filipino values and attitudes and protected by a responsive society"**

Sa pagbabalangkas ng Pamahalaang Lungsod ng programa para sa mga bata na nakasaad sa aking State of the City Children's Address para sa taong 2018 ay isinaalang-alang namin ang apat na mahahalagang "regalo" para sa kanila. At sapagkat sila ang pag-asa ng ating bayan, kailangan maiseguro natin ang paghahanda sa kanila sa isang buhay na matatag, panatag, maligaya at maunlad.

Sa ating masidhing adhikaing ito ay kabalikat natin ang iba't-ibang sektor ng ating lipunan. Naniniwala tayo na kung tayo'y sama-sama, anumang adhikain ay magtatagumpay.

Ipagpatuloy natin sa pamamagitan ng tulong at suporta ng lahat na maisulong ang kapakanan ng mga bata.

Mabuhay!

**BEVERLEY ROSE A. DIMACUHA**
City Mayor

**STATE OF THE CITY CHILDREN'S ADDRESS CY 2018**
By Honorable Beverley Rose A. Dimacuha
City Mayor

Bayaan po ninyong simulan ko ang aking pag-uulat sa mga katagang "The investment we make on children today will determine the dividends we will reap tomorrow".

Batay sa paniniwalang ito, marapat lamang na ipagkaloob natin sa mga bata ang pinakamagandang bagay na maaari nating maibigay sapagkat sila ang yaman ng ating lahi at magiging matibay na moog ng kinabukasan ng ating bayan. Sila ang huhubog ng kalagayan ng ating lungsod, ng ating bansa. Sa ating mga kamay nakasalalay ang kaganapan kung sila'y mamumuhay sa kapayapaan, kasaganaan at kaunlaran.

Ito ang aking pangarap at sana'y maging pangarap ng bawat isa sa atin. At sapagkat ako'y naniniwala na ang kahapon ay bahagi ng ngayon at ang ngayon ay karugtong ng bukas, ang pamahalaang lungsod sa pamamagitan ng ibat-ibang sangay at ahensya ng pamahalaan ay nagpapatupad ng mga programang nakatuon sa kapakanan ng mga kabataan upang ihanda sila sa bukas na pinapangarap natin para sa kanila.

Upang ang mga pangarap na ito'y maisakatuparan, ang City Council for the Welfare of Children na binuo noong 1994 ay gumawa ng mga hakbang at estratehiya upang matiyak ang kapakanan ng ating mga kabataan.

Ang pinakamahagang naisakatuparan ng Council ay ang pagbubuo ng Long-Term Development Plan for Children for CY 2001-2025 which was considered the first plan of its kind among the cities in the Southern Tagalog Region. Pinapupurihan natin ang pagpupunyagi ng Sangguniang Panlungsod, City Administrator's Office, City Planning and Development Office (CPDO), City Social Welfare and Development Office (CSWDO), City Health Office (CHO), City Registrar's Office (CRO), City Public Information Office (PIO), City Council for Youth Affairs (CCYA), Liga ng mga Barangay, Philippine National Police (PNP), City Prosecutor's Office, Department of Education (DepEd), Department of Interior and Local Government (DILG), Department of Labor and Employment (DOLE), TESDA, Lingap-Pangarap ng mga Paslit Center, Inc. and the Buklod Unlad ng Batangas, Inc.

In furtherance of our commitment to promote child-related welfare programs, the city has embarked on concrete projects for children.

Bayaan ninyong isa-isahin ko ang mga programang nakatuon sa kapakanang pambata. Una ay ang Early Childhood Care and Development Program na isang supplemental parental day care program para sa 2 hanggang 5 taong gulang na mga bata na ang mga magulang ay naghahanapbuhay. Ang lungsod sa kasalukuyan ay may 107 Child Development Centers sa 85 barangays na may kabuuang 11,374 na mga batang inaalagaan ngayong taong ito sang-ayon sa panuntunan ng pagpapatupad ng bagong Early Childhood Care and Development System para sa mga bata.

Ang lahat ng aklat ay ipinamamamahagi ng libre. Ang lahat na mga bata ay may libreng medical at dental examination na ginagawa ng City Health Office, gayundin ang pagtaya sa estado ng nutrisyon na ginagawa rin ng nasabing ahensya.

Noong una, libong mga bata sa lungsod ang nakitang kulang sa timbang at upang matugunan ang pangangailangang nutrisyunal at harapin ang problema sa kalusugan ng mga bata ay nagsagawa ang pamahalaang lungsod ng feeding program.

Gayundin naman, ang City Social Welfare and Development Office ay nakapagbuo ng may 80 Barangay Councils for the Protection of Children upang matiyak ang pakikilahok ng komunidad sa pangangalaga ng kapakanan ng mga kabataan.

Sa bahagi ng pangangalagang pangkalusugan ng mga bata o child health care, ang City Health Office ay nagbibigay ng iron supplements para sa mga inang nagdadalantao at para sa mga inang nagpapasuso. Ayon sa tala, may 12,801 na mga ina ang sumailalim sa nasabing programa. Samantala, mayroon namang 4,580 ang nabigyan ng Vitamin A.

Sa taong 2018, mayroon namang 4,809 na mga sanggol na may edad na 6 hanggang 11 buwan ang tumanggap ng Vitamin A. Samantala, sa mga batang may edad 0-59 months old na nagkaroon ng sakit na diarrhea, 53 ang nabigyan ng lunas para dito. Sa kaso naman ng pneumonia, 110 ang nabigyan ng gamot. Mayroong 31,469 ang nabigyan ng preventive at curative dental services.

Di rin matatawaran ang gabay at tulong ng City Prosecutor's Office na tumutok sa mga kasong pang-aabuso sa kabataan kabilang ang sexual harassment, pambubugbog, bigamy at iba pang krimen laban sa buhay at ari-arian.

Sa bahagi ng edukasyon, napanatili ng Lungsod ng Batangas ang mataas na literacy rate. Sa tala po ng City Division Office ay mayroon tayong literacy rate na 94.82%. Naniniwala po kami na ang paglalaan sa kanila ng

sapat na mga gusali, magandang pasilidad ng mga eskwelahan, mga aklat, television sets at mga computers ay mahalagang sangkap kung bakit ganito kagagaling ang ating mga mag-aaral.

Mayroon din po tayong Alternative Learning System (ALS) para sa mga out-of-school-youth at Drop-Out Reduction Program para sa mga estudyanteng tumigil ng pagpasok.

Ang tanggapan naman ng City Civil Registrar ay nagsagawa din ng mga gawain para maisulong ang karapatan ng mga bata na magkaroon ng tamang rehistro. Nagsagawa ng Mobile Registration sa iba't-ibang barangay ng lungsod. Naipagkaloob naman ang may 4,259 libreng birth certificates para sa mga Grade I enrolees ng iba't – ibang eskuwelahan.

Hindi na maikakaila na ang edad ng pagiging teenager ang isa sa pinaka-kumplikadong estado ng human development. Ang City Council for Youth Affairs ay nagdisenyo ng mga programang lilinang sa galing ng kabataang Batangueño. Cultural activities like theatrical presentations such as Alay sa Sto. Niño, miniband competitions, modern dance contest, battle of the bands, barangay MILO – My Liga Basketball League at Opening of Mayor Beverley Rose A. Dimacuha Cup 2018 ay matagumpay na naisasakatuparan taun-taon. Mayroon ding Inter-Barangay basketball tournament, taekwondo, billiards, motorcross, cycling, table tennis, volleyball at iba pang sports na nakapaloob sa Mayor's Cup.

Ang Youth Employment Program sa pakikipag-ugnayan ng Department of Labor and Employment ay may tuloy-tuloy na Special Program for Employment of Students (SPES) na kung saan ang pamahalaang lokal ay nagbibigay ng 60% ng kanilang sweldo at 40% mula sa DOLE. Noong taong 2018 ay mayroong kabuuang 200 estudyante ang sumailalim sa SPES project.

Ang atin po namang masisipag at palagiang sumusuportang mga kaanib ng Sangguniang Panlungsod ay nagpasa ng mga ordinansa at resolusyon upang maisulong ang kapakanan at kagalingan ng mga kabataan. Kabilang dito ang ordinansang nagtatatag sa Batangas City High School for the Arts para malinang ang galing at talento ng mga kabataang Batangueno sa larangan ng pag-arte; resolusyong nag-eendorso sa pagtatatag ng national high school sa barangay Malitam at Talumpok; pagpapa-igting ng pagpapatupad ng pagbabawal sa mga menor de edad sa pagpasok sa mga computer at video machine game shops; ganoon din ang pagpapa-igting sa ordinansang nagtatakda sa pagtitinda ng mga hardware stores at ibang

business establishments sa lungsod ng mga rubber sealant/solvents tungkol sa mahigpit na pagbabawal ng pagtitinda nito sa mga kabataan at ang pagbuo ng Task Force Anti-Solvent.

Ang partisipasyon ng pribadong sector ay tunay ding kapuri-puri. Sila'y nagtataguyod ng mga pagsasanay, athletic competitions at mga cultural activities para sa kabataan.

Inspired by this distinct recognition, the city government has made it a point to ensure that the four gifts for children have been accomplished namely: The Local Development Plan for Children, the Local Investment Plan for Children, the Local Code for the Welfare of Children and the State of the City Children's Address.

Dala ng pagpapahalaga sa buhay ng mga bata at sa paniniwalang ang mga bata ay pinakadakilang regalo ng Diyos, ang pamahalaang-lungsod ay kumikilala at naninindigan sa pangangailangan at karapatan ng bawat bata. Umasa po kayo na ang kanilang mga ngiti at halakhak ay magsisilbing inspirasyon sa amin upang pag-ibayuhin pa ang aming paglilingkod sa kanila at sa pagtupad namin sa aming mga tungkulin at reponsibilidad upang maisulong ang kanilang kapakanan.

Mabuhay ang mga bata!

Mabuhay tayong lahat!

**BEVERLEY ROSE A. DIMACUHA**

Punong-lungsod

**CFLGA Form 1-D**

## Child –Friendly Local Governance Audit
## Data from City Planning & Development Office

| Indicator | Data Requirement | Remarks |
|---|---|---|
| 1. Children's right to survival, development, protection and participation are mainstreamed in the core development agenda of the LGU in 2018<br>• With Annual State of the City Children's Report | • Presence of the Annual State of Children's Report in 2018<br>Yes _/_<br>No ___ | |

Certified by:

**JANUARIO B. GODOY, CE, EnP**
City Planning & Development Coordinator

Date: March 29, 2019